# Lesson 1: Paghahanda para sa at Pagdaraos ng mga Miting

*Maaari mong ituro ang lesson na ito nang buo o paghiwa-hiwalayin ito sa mas maiikling segment. Iakma ang lesson sa inyong lokal na sitwasyon at mga pangangailangan, edad, at pang-unawa ng presidency ng inyong korum o klase.*

## INAANYAYAHAN TAYO NG PANGINOON NA ISAAYOS ANG ATING SARILI

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:119. Talakayin kung paano naaangkop ang tagubilin ng Panginoon na "isaayos ang inyong sarili" sa mga miting ng presidency ng korum at klase. Ano ang ilang bagay na magagawa natin para isaayos ang ating mga miting?

## ANG PAGPAPLANO PARA SA MGA MITING AY NAKAKATULONG SA ATIN NA ISAAYOS ANG GAWAIN NG PANGINOON

Tulungan ang presidency ng korum o klase na punan ang isang sample agenda bilang paghahanda para sa susunod na miting ng kanilang presidency. Isiping sama-samang talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Bakit mahalagang isipin ang mga tanong na tulad ng nasa sample agenda?
- Anong iba pang mga miting o aktibidad ang maaari nating paghandaan sa ganitong paraan?
- Paano natin maaanyayahan ang Espiritu Santo na tulungan tayo habang nagpaplano at nagdaraos tayo ng mga miting? (Tingnan sa Moroni 6:9; Doktrina at mga Tipan 46:2.)

Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng presidency na maghanda ng isang agenda para sa susunod na miting ng korum o klase na sinusundan ang outline sa bawat lesson sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women*. Anyayahan silang isipin ang mga bagay na tinalakay nila sa miting ng kanilang presidency na kailangan ding talakayin sa mga miyembro ng korum at klase. Kung may oras pa, maaari mo silang anyayahang magpraktis ng pagdaraos ng isang miting gamit ang isang agenda na inihanda nila.

Paminsan-minsan, maaari ninyong talakayin kung ano ang nadama ng mga miyembro ng presidency tungkol sa isang miting. Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari mong itanong ang tulad ng mga sumusunod:

- Natupad ba sa miting ang nilayon natin?
- Ano ang ginawa natin para anyayahan ang Espiritu sa ating miting? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:32.)
- Sinikap ba nating isali ang lahat?
- Paano pa natin mapagbubuti ito?

## SUPORTANG RESOURCES

- *Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw,* 10.4, 11.3.4, ChurchofJesusChrist.org

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2020 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/20. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Training - Lesson 1.* Tagalog.
PD60010736 893. Inilimbag sa Pilipinas